



Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF ROXAS

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-21 REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG 07 HULYO 2008, 9:15 NG UMAGA SA BULAWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIANG BAYAN.

Mga Dumalo:

Vice Mayor Violeta L. Dimapilis	- Tagapangulo
Konsehal Agustin L. Cusi	
Konsehal Cesar T. Baticos	
Konsehal Jocelyn G. Solabo	
Konsehal Angeles D. Bautista	
Konsehal Hernan C. Florita	
Konsehal Bernabe S. Mortel	
Konsehal Edren Y. Faderon	
Konsehal Napoleon M. Dimapilis	
Konsehal Larry V. Salazar	- Pangulo, Liga ng mga Barangay

Ilindi Nakadalo:

Konsehal Mary Jamaica Jeigh Q. Sarmiento	- MSKF President
--	------------------

KAPASYAHAN BLG. 047

Taong 2008

KAPASYAHANG NAGLALAAAN NG HALAGANG DALAWANG DAANG LIBONG PISO (P200,000) MULA SA APROPRASYON SA ESPESYAL NA PROGRAMA NG TANGGAPAN NG PUNONG BAYAN O ALINMANG PONDO NG PAMAHALAANG BAYAN NA MAAARING GAMITIN PARA IBILI NG BIGAS SA AHENSYA NG NATIONAL FOOD AUTHORITY (NFA) UPANG MAIPAGBILI NG PAMAHALAANG BAYAN SA MABABANG HALAGA SA MGA MAMAMAYAN NG DALAWAMPUNG BARANGAY SA NASASAKUPAN NG BAYAN NG ROXAS.

SAPAGKAT, patuloy ang pagtaas ng presyo ng mga pangunahing bilihin kasama na ang bigas na siyang nagdudulot ng kahirapan sa ating mga mamamayan;

SAPAGKAT, marami sa ating mga kababayan ang nakatira sa mahirap at malalayong barangay na kung saan mataas ang insidente ng kahirapan at kakulangan sa pagkain;

SAPAGKAT, nakita ng Sangguniang Bayan ang suliraning ito na nangangailangan ng madaliang tugon upang mahawasan ang hirap sa pagbili ng pagkain lalong-lalo na ng bigas na siyang pangunahing pagkain ng pamilyang Pilipino,

SAPAGKAT, para makarating ang murang bigas na ipinagbibili ng National Food Authority (NFA) nararapat lamang na ito ay dalhin sa bawat barangay na kung saan laang

tumulong ang Pamahalaang Bayan sa pagbebenta ng bigas sa pamamagitan ng tinatawag na "rolling store",

SAPAGKAT, upang maging ganap ang programang ito ang Sangguniang Bayan ay nagkaisang maglaan ng pondo mula sa aproprasyon ng espesyal na programa sa Tanggapan ng Punong Bayan o alinmang pondo na pamahalaang bayan na maaaring gamitin para ibili ng bigas sa ahensya ng National Food Authority (NFA) at ito ay maipagbili sa mahihirap na mamamayan ng 20 barangay sa bayan ng Roxas.


DAHIL DITO, sa mungkahi ni Konsehal Angeles D. Bautista na pinangalawahan ng lahat –

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na maglaan ng halagang Dalawang Daang Libong Piso (P200,000) mula sa aproprasyon sa espesyal na programa ng Tanggapan ng Punong Bayan o alinmang pondo ng pamahalaang bayan na maaaring gamitin para ibili ng bigas sa Ahensya ng National Food Authority (NFA) upang maipagbili ng pamahalaang bayan sa mababang halaga sa mga mamamayan ng dalawampung barangay sa nasasakupan ng bayan ng Roxas.


IPINASYA PA RIN na padalhan ng sipi ng kapasyahang ito ang Kgg. Jackson Cinco Dy at ang Sangguniang Barangay ng dalawampung barangay ng Roxas, Silangang Mindoro para sa kanilang kaalaman.

Pinagtibay : Hulyo 07, 2008

PINATUTUNAYANG WASTO:


FERDINAND V. TALENS, MPA
Kalihim ng Sangguniang Bayan

PINATITIBAYAN:


VIOLETA L. DIMAPILIS
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

JACKSON CINCO DY
Punong Bayan